



1 Landing Refusal upang makaiwas sa paglawak ng COVID 19

Sa Kasalukuyan, ang mga banyaga na manggagaling sa itinalagang 159 na bansa 14 araw bago nag aplay ng permiso ng landing ay hindi papayagang pumasok sa bansang Hapon maliban kung may mahalagang dahilan.

(Para sa detalyadong impormasyon [\[Landing Refusal upang makaiwas sa paglawak ng COVID 19\]](#) ay atin pong alamin)

OMga halimbawa ng 「Mahalagang dahilan」na maaring payagang pumasok muli ng bansang Hapon

- Banyagang lumabas ng Japan na may re-entry permit, mga dokumento mula sa Diplomatic office ng pinagmulang bansa o kaya ay nakapag aplay ng “receipt” para sa re-entry sa Japan.
- Kabiyak o anak ng Hapones o Permanent Resident at unang beses ng pagpasok sa bansang Hapon.
- Mga papasok ng Japan sa araw at pagkaraan ng Oktubre 1 na may mapupuntahang kompanya o organisasyon na nagsasagawa ng pamamaraan sa pag iwas sa impeksyon.
- At kung may iba pang mga mahalagang kadahilanan na maaring bigyan ng konsiderasyon

※ Mga karagdagang Quarantine Measures ukol sa pagpasok at panahon ng muling pagpasok ng bansang Hapon. Para sa Detalye [\[Mga Karagdagang Quarantine Measures para sa mga Banyagang papasok at muling papasok ng bansang Hapon\]](#) ay atin pong alamin)

※ Sa mga makakapasok ng bansang Hapon, sasaialalim sa mga pagsusuri kagaya ng dami ng antigen (panlaban sa virus) o PCR test, hindi gagamit ng pampublikong transportasyon • pananatili sa tahanan sa loob nang 14 na araw.

2 Muling pagbubukas ng Paliparan para sa maglalakbay at manggagaling sa ibang bansa

(Pangunahing Kaisipan)

Base sa sitwasyon ng impeksyon sa loob at labas ng bansa, habang isinasagawa ang mga panlaban sa paglawak ng impeksyon, unti unting bubuksan ang paliparan para sa maglalakbay at manggagaling sa ibang bansa.

(Bagay o usapin na inilabas ng headquarter ng panlaban sa COVID 19)

① Para sa mga bansa na humuhupa na ang kaso ng impeksyon, maaaring pumunta o pumasok ang mga taong ang layunin ay negosyo o mga taong kinakailangan sa isang kompanya ngunit kailangang isagawa ang mga karagdagang Quarantine measures bilang kondisyon (Note 1), kung preparado na lahat, magsasagawa ng sunud-sunod na pagsubok.

(Note 1) Katibayan ng mga test ng COVID 19 bago lumabas ng bansa, pagtatala ng mga impormasyon ukol sa mga pinuntahang lugar sa loob ng 14 araw matapos pumasok ng bansa.

(Talakayan • mga Bansa na isinasayos)

- Vietnam, Thailand, Australia, New Zealand (Inilabas noong Hunyo 18)
- Cambodia, Singapore, Korea, China, Hongkong, Macau, Brunei, Malaysia, Myanmar, Mongol, Laos, Taiwan (Inilabas noong Hulyo 22)

⇒ Simulan ng bigyan ng permiso ang Vietnam, Thailand, Cambodia, Singapore, Malaysia, Myanmar, Laos, at Taiwan. Para sa impormasyon ([詳細はこちら](#))

② Para sa mga may Status of Residence (Note 2) unti-unting papayagang pumasok o muling pumasok ng bansa ngunit kailangang isagawa ang mga karagdagang Quarantine measures bilang kondisyon.

(Note 2) Banyagang may re-entry permit na lumabas ng bansa sa araw na bago maging sakop ng Landing Refusal (may layunin sa negosyo, International Student, Technical Intern at iba pa)

⇒ Simula Setyembre 1 ~ Sinimulan ang proseso ng aplikasyon sa re-entry sa Imigrasyon. Para sa impormasyon ([詳細はこちら](#))

Banyagang lumabas ng Japan hanggang Agosto 31 na may re-entry permit (may layunin sa negosyo, International student, Technical intern at iba pa.

⇒ Simula Hulyo 29 ~ Sinimulan ang proseso ng aplikasyon sa Imigrasyon. Para sa impormasyon ([詳細はこちら](#))

③ Simula Oktubre 1 ang mga kinakailangang mangagawa, International student, Dependent na manggagaling sa anumang bansa ay maaaring makapasok ng Japan kung mapapatunayan na may mapupuntahang kompanya o organisasyon na nagsasagawa ng pamamaraan sa pag iwas sa impeksyon.